ta·yo
stand, build — together

# Pagsunod sa Diyos

WEEK 2

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang pagkakataong hindi nagtugma ang inaasahan mo sa totoong nangyari o "*expectation vs. reality*."
- Ano ang hindi mo malilimutang sinabi ng isang tao kamakailan lang na nagbigay sa iyo ng lakas ng loob?
- Magkuwento tungkol sa isang panahon na may sinimulan kang gawin pero hindi mo tinapos. Ikuwento ang nangyari.

## WORD

1–2*Noong ika-21 ng sumunod na buwan, sinugo ng*
*Panginoon si Propeta Hageo para sabihin kina Zerubabel,*
*Josue, at sa iba pang mga Israelitang nakabalik sa Israel:*
3*"Sino sa inyo ang nakakita ng kagandahan noon ng*
*templong ito? Ano ngayon ang tingin ninyo rito kung*
*ihahambing sa dati? Maaaring sabihin ninyo na balewala*
*lang ito."* **HAGEO 2:1–3**

(Basahin din ang **HAGEO 2:4–9.**)

Isang buwan matapos ipaalala ng Diyos sa mga tao na unahin ang pagbuo ng Kanyang tahanan, sumunod ang mga Israelita at sinimulan nila ang pagpapatayo ng bagong templo. Pero pinanghinaan sila ng loob dahil hindi ito kasingganda ng templong ipinatayo ni Haring Solomon. Gayunpaman, ipinaalala ng Diyos sa mga tao ang Kanyang katapatan. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano pinalakas ng Diyos ang loob ng Kanyang mga mamamayan habang ginagawa nila ang ipinapagawa Niya.

## 1 Magpakatatag kayo, dahil kasama ninyo ang Diyos.

*[4]"'Pero magpakatatag kayo! Ipagpatuloy ninyo ang paggawa ng templo dahil kasama ninyo ako, ang Makapangyarihang PANGINOON. [5]Ganito rin ang ipinangako ko sa inyong mga ninuno nang inilabas ko sila sa Egipto. At ngayon, ang aking Espiritu ay mananatiling kasama ninyo, kaya huwag kayong matakot.'"*
**HAGEO 2:4–5**

Nakita ng Diyos ang takot, pagdududa, at mga naiisip ng Kanyang mamamayan, at sinabi Niya sa kanila na Siya'y kasama nila. Noong mga panahong ito, naiisip ng mga Israelita na ang Kahon ng Kasunduan—at di nagtagal, ang templo—ay ang presensya rin ng Diyos. Kung kaya't pinaalala sa kanila ng Diyos na "*ang Aking Espiritu ay mananatiling kasama ninyo.*" Itinuturo Niya sa kanila na ang Kanyang presensya ay hindi nakadepende sa isang pisikal na estraktura. Habang sinusunod natin ang Diyos, ipinapaalala Niya sa atin na kailangan nating magpakatatag at magpatuloy sa Kanyang gawain, dahil kasama natin Siya. Ano ang isang bagay na alam mong hindi mo magagawa kung wala ang presensya ng Diyos na nagbigay sa iyo ng kalakasan?

## 2 Huwag kayong matakot, dahil gagawa ang Diyos ng daan.

*[5]" . . . 'Ganito rin ang ipinangako ko sa inyong mga ninuno nang inilabas ko sila sa Egipto. At ngayon, ang aking Espiritu ay mananatiling kasama ninyo, kaya huwag kayong matakot.*
*[6]"Ako, ang PANGINOONG Makapangyarihan, ang nagsasabi na hindi magtatagal ay minsan ko pang yayanigin ang langit at ang mundo, ang lupa at ang dagat. [7]Yayanigin ko ang lahat ng bansa at dadalhin nila rito sa templo ang kanilang mga kayamanan. Kaya mapupuno ang templong ito ng mga mamahaling bagay.'"*
**HAGEO 2:5–7**

Pinanghinaan ng loob ang mga Israelita nang makita nila ang mga nagawa nila sa templo sa loob ng isang buwan. Pero hinikayat sila ng Diyos na huwag matakot. Ipinaalam Niya sa kanila ang mga gagawin Niya. Hindi matatapatan ng nakikita ng mga mata mo ang mga inihanda ng Diyos para sa iyo. Sa Kanyang pagkalinga, kumikilos Siya sa buhay natin at sa mundo—inihahanda ang mga bagay, kumikilos nang hindi natin nakikita, gumagawa ng mga pagkakataon, nagsasara ng mga pinto, at nagsasaayos ng mga kalagayan. Gumagawa Siya ng paraan upang isakatuparan ang Kanyang mga layunin. May pagkakataon bang ginusto mong ihinto ang pagtupad sa isang layunin dahil tila hindi mahalaga o nakakapanghina ng loob ang ginagawa mo? Paano pinalakas ng Diyos ang loob mo at paano Siya gumawa ng daan para sa iyo?

## 3 Magtiwala sa Diyos, dahil tapat Siya sa Kanyang mga pangako.

*"'Magiging mas maganda ang bagong templo kaysa sa dati. At bibigyan ko ang lugar na ito ng kapayapaan at mabuting kalagayan sa buhay. Ako, ang PANGINOONG Diyos, ang nagsasabi nito.'"* **HAGEO 2:9**

Patuloy na pinalakas ng Diyos ang loob ng Kanyang mga mamamayan. Sinabi Niya na magiging mas dakila ang bagong templo kaysa sa lumang templo. Ipinaalala Niya sa kanila na ang kayamanan dito sa mundo ay Kanya (Hageo 2:8), at magagamit Niya ito para sa Kanyang hangarin. At sa mga mamamayan Niyang lumaya mula sa pitumpung taong pagkabihag, ipinangako ng Diyos na magkakaroon sila ng kapayapaan. Sa palagay mo, paano nakapagbigay ng lakas ng loob ang talatang ito sa mga mamamayan ng Diyos noong panahong iyon?

## APPLICATION

- Anu-ano ang mga sitwasyong kinakaharap mo ngayon na tila walang solusyon? Ihandog ang mga ito sa Diyos at ipanalangin na manatiling buhay ang Kanyang pag-asa sa puso mo.
- May bahagi ba sa buhay mo ngayon kung saan pinanghihinaan ka ng loob? Ano ang ilan sa mga pangako ng Diyos na pinanghahawakan mo? Dahil sa kaalamang tapat ang Diyos sa Kanyang mga pangako, paano mo mapapalakas ang iyong loob ngayong linggo?
- Isipin kung sino sa mga kaibigan, kamag-anak, o komunidad mo ang nangangailangan ng lakas ng loob. Ipanalangin siya at ipaalala sa kanya ngayong linggo na manatiling matatag sa pagtitiwala at pagsunod sa Diyos.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapalakas sa iyo at ng loob mo upang magawa mo ang Kanyang gawain. Pasalamatan Siya dahil hindi ka Niya iniwan sa bawat sandali at yugto ng buhay mo.
- Hingin sa Diyos ang kakayahang ipagpatuloy ang gawain Niya. Ipanalangin na malinaw mong marinig ang Kanyang tinig na nangingibabaw sa iba pang mga tinig sa mundo at sa tinig ng kaaway.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng katiyakan sa kadakilaan at mga plano ng Diyos para sa iyo, sa pamilya mo, at sa iyong komunidad. Pasalamatan ang Diyos dahil pinamamahalaan Niya ang lahat ng bagay.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ng Kasulatan ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Ruth Gloria, Madel Vanguardia

victory.org.ph